

CHAPTER *One*

Sunod-sunod na pag-iling ang ginawa ni Dustin. “You can’t use my beach house. You better find another place.” Walang ibang nakakaalam na siya ang nagmamay-ari ng pinakamagandang beach house sa Sta. Monica maliban sa dalawa niyang kaibigan na sina Albert at Kervin.

“We can find another place, but we prefer yours,” sagot ni Albert. Ang lalaki ang namamahala sa *Balikbayan Foundation*. Ang mga magulang nito na dating OFWs ang nagpatayo niyon. Halos lahat ng benefactors ay mga OFW na pinalad sa ibang bansa. “Perfect ang beach house mo sa description na gustong matuluyan ng benefactor habang may

aasikasuhin siyang business dito na makakatulong sa buong Sta. Monica.”

“Nilarawan ba talaga ng benefactor ang gusto niyang matuluyan o pinakita mo ang larawan ng beach house ko?” paniniyak niya.

“Walang ipinakitang pictures si Albert,” sansala ni Kervin. Ito ang maituturing na pinakabatang mayor ng Sta. Monica. “Ako ang nagtanong kung saan niya gustong mag-stay. Nagkataong tumugma ang description ng beach house mo sa lugar na gusto niya. Of course, I want to give the best to her, I mean him.” Naguguluhan ang lalaki kung paano tutukuyin ang kasarian ng benefactor. “Damn! I don’t even know if that person is a man, woman, gay, or lesbian,” dagdag nito.

“What do you mean?”

“Ayaw sabihin ni Albert kung sino ang benefactor.”

“Because I don’t know him or her,” depensa ni Albert. “The person’s identity is unknown. Si Mommy lang ang nakakakilala sa kanya. Kahit ako na ang namamahala sa foundation, ayaw niyang ipagkatiwala sa akin ang identity ng taong ’yon.”

“Paano n’yo siya nako-contact?”

“Through her assistant,” sagot ni Kervin.

“Matutulungan mo ba kami o hindi?” Muli nitong ibinalik ang paksang pinag-uusapan nila kanina. “The person is really important. Malaki ang naitulong at maitutulong niya sa Sta. Monica. I want to give the best that we could offer.”

“Not my house.”

“Dustin, para kang nag-donate ng milyones sa mga kababayan natin kapag pinagamit mo ang iyong bahay,” wika ni Albert.

“Exactly!” sang-ayon ng mayor nilang kaibigan. “Bukod sa milyong donation niya, tutulong din siya sa agricultural sector ng Sta. Monica.”

“Magdo-donate ako ng isang milyon para tantanan n’yo ang bahay ko,” pagmamatigas niya. Isang di-makapaniwalang tingin ang ibinato sa kanya ng dalawang kaibigan. “What?”

“Dustin, you don’t understand. Hindi lang isang milyon ang ibinigay ng taong ’yon sa Sta. Monica. Milyon-milyon. Limang taon na siyang tumutulong sa foundation. Limang daang estudyante sa kolehiyo ang pinag-aaral niya at ang isang daan sa mga ’yon ay nakapagtapos na. Bawat taon ay may sampung pamilya siyang binibigyan ng tahanan at ngayon limampung pamilya na ang may masisilungan dahil sa kanya.”

“Isa siya sa tumulong na magpatayo ng hospital sa Sta. Monica,” dagdag ni Kervin. “Maliban doon, marami na siyang natulungang pasyenteng malala ang karamdaman. Hindi lang dito sa atin kundi maging sa kabilang bayan at siyudad. The person is a real blessing to us.”

“Pag-iisipan ko.”

“Dustin, magandang accommodation lang ang kailangan niya. Actually, hindi niya ’yon hiniling pero ’yon ang dapat nating ibigay sa kanya,” pangungumbinsi nito. “Kung tutuusin, maliit na bagay lang ’yon kumpara sa laki ng naitulong niya sa bayan natin.”

“Kinokonsyensya mo ba ako?”

“No. I just want you to realize how good this person is and she or he deserves the best from Sta. Monica.”

Napabuga siya ng hangin. Natitiyak niyang walang balak tumigil ang dalawa sa pangungulit sa kanya hangga’t di siya pumapayag sa gusto ng mga ito.

“Dustin, nakikiusap kami sa ’yo ni Kervin. Pumayag ka na kasi.” Wala sa tono ng boses ni Albert ang nakikiusap, mas angkop ang salitang ‘namimilit’ ito.

Hindi naman sa nagdadamot si Dustin, pero ayaw niyang may ibang gumamit sa bahay niya. Kaya sinekreto niya sa kanyang pamilya na siya ang may-ari ng resthouse na iyon dahil doon siya pumupunta kapag gusto niyang mapag-isa. Pakiramdam niya kasi kapag nandoon siya ay napupunan kung anuman ang kulang sa kanya.

“Fine!” napipilitang pagsang-ayon niya. “Siguraduhin n’yo lang na hindi mapapabayaang beach house ko at kapag nandoon ako, ayokong maistorbo.”

“Kami na ang bahala,” duet na sagot ng dalawang kaibigan niya, sabay high-five sa isa’t isa. Napailing na lang siya habang pinagmamasdan ang mga ito.



Mataman siyang nakatingin sa medalya na hawak ng kaliwang kamay niya. Nakapagdesisyon siyang harapin na ang may-ari niyon. Ibabalik niya ang medalya sa lalaki na dapat noong una pa lang ay di na niya tinanggap.

“Anak, sigurado ka bang kaya mo na siyang makita?” nag-aalalang tanong ng kanyang ina.

Marahan niyang kinuyom ang palad na may hawak ng medalya. “Nay, limang taon na po ang lumipas. Okay na ako.”

“Inaalala lang kita. Baka kasi hindi ka pa handa.”

Hinawakan ni Jade Ruth ang kamay ng ina niya.

“Nay, handang-handa na akong harapin siya. Dapat noon ko pa ito ginawa. Huwag ka nang mag-alala sa akin, kayang-kaya ko ’to.”

“Kailangan mo ba talagang ibalik ’yan sa kanya? Puwede mong itago ’yan o itapon.”

“Kailangan ko po siyang harapin,” matatag niyang tugon.

Gusto niyang magkaroon sila ng proper closure ng lalaki para tuluyan na niyang mapalaya ang sarili. Ibabalik niya ang medalya dahil simbolo iyon ng kanilang pagmamahalan, pangarap, at pangako sa isa’t isa na malabo nang mabigyang-kulay at buhay. Magsisilbi rin iyong huling paalam niya sa binata dahil buo na ang kanyang pasya na di na siya muling babalik sa buhay nito.

“Ikaw ang bahala. Basta tawagan mo ako kapag may nangyaring hindi maganda sa Sta. Monica.”

“Opo.”



Malawak ang ngiti ni Jade habang nakatitig sa dalampasigan. Ilang minuto pa lang ang lumipas simula nang makatapak siya sa lugar na iyon, ngunit pakiramdam niya ay matagal na siyang nakatira

doon. She's going to love the place because it felt like home. Nagkataon pang ang disenyo ng bahay ay tugmang-tugma sa pangarap nilang maging tahanan ng dating kasintahan.

That was fifteen years ago, Jade. Tinangay na ng alon at hangin ang pangarap n'yo at pangako sa isa't isa. Magsisilbi na lang isang mapait na alaala ang inyong nakaraan.

Nagpakawala siya ng buntong-hininga. Akala niya noon ay aayon ang tadhana sa kanyang plano ngunit nagkamali siya. Taliwas sa inaasahan niya ang nangyari. Inasahan niya nang umalis siya ay mayroon siyang babalikan subalit wala pala. Tuluyan siyang kinalimutan ng lalaki at nagpakasal ito sa iba. Hindi naman niya ito masisisi dahil kasalanan niya ang lahat. Kahit gusto niyang magtanim ng sama ng loob at magalit ay di niya magawa dahil iniwan niya ito.

“What’s with the sigh?” Napalingon siya sa pinanggalingan ng boses. Naglalakad ang taong iyon palapit sa kanya. “Mukhang ang lalim ng iniisip mo.”

“Na-miss ko lang ang Sta. Monica,” nakangiti niyang tugon, pero ang totoo ay iba ang kanyang nami-miss. Hindi niya maunawaan ang sarili kung bakit sa kabila ng lahat ng nangyari ay hindi niya

ito lubusang makalimutan.

“It’s been fifteen years since you left the town. Ngayon ka lang bumalik. Talagang mami-miss mo nga ang Sta. Monica,” wika ng alkalde.

“I came here five years ago,” pagtatama niya sa maling akala nito dahil bumalik siya sa Sta. Monica limang taon na ang nakalipas. Halata ang pagkagulat sa mukha ng kausap, ngunit hindi ito nagtanong at wala siyang balak magkuwento dito. “Ang laki ng improvement ng Sta. Monica. Congratulations, Mayor! You did a great job.”

“Hindi lang ako ang dahilan kung bakit umunlad ang Sta. Monica. Kasama ka rin at ang ibang taong handang tumulong sa bayan natin.”

“Ikaw ba talaga si Kervin?” Hindi makapaniwalang tinitigan niya ito. “Sino’ng mag-aakala na ang playboy at bulakbol noon ay magiging kapita-pitagang alkalde ngayon? I’m proud of you.”

“Insulto ba ’yan o papuri?”

“Both.”

“Grabe ka, Jade! Sinugatan mo ang ego ko.”

Natawa siya sa sinabi nito. “Naku! Kervin, kilala kita kaya alam kong hindi ka nasaktan sa sinabi ko.” Tama nga siya dahil ngumiti ito. “By the way, sino’ng may-ari ng property na ’to?”

Naglaho ang ngiti sa mga labi ng kanyang kausap. “Makikilala mo rin siya mamaya. Pumasok muna kaya tayo sa loob?” pag-iiba nito sa usapan. “Baka nagugutom ka na o kaya naiinitan.”

Umiling ang dalaga. “I’ll stay here. Mamaya na ako kakain pagdating ng mga kasama ko.”

Nauna siyang dumating sa Pilipinas dahil may inasikaso siya sa kabilang lalawigan kung saan nakatira ang kanyang mga magulang at kamag-anak ng kanyang ina kaya nauna na siyang pumunta sa Sta. Monica. Ang iba niyang kasama ay dumating sa Pilipinas kahapon, pero nagpalipas muna ng magdamag sa hotel sa Maynila. Ang alam niya ay sinundo ni Albert sa airport ang mga kasama niya at ngayon ay bumibiyahе na ang grupo patungo doon.

“Are you sure?”

“I’m sure. Don’t worry, I’ll be fine here. Masarap ang simoy ng hangin sa labas at nakaka-refresh kaya dito muna ako.”

“All right! Just call me if you need anything.”

“Sure!”

CHAPTER *Two*

Sumasakit ang ulo niya kina Albert at Kervin. Wala kasing binanggit ang dalawa na maraming kasama ang hinihintay na bisita. Kung hindi siya tinawagan ni Albert ay di niya malalaman ang tungkol doon kaya heto siya ngayon, nagkukumahog na pumunta sa beach house kahit may naiwan siyang trabaho sa opisina. Nang maihimpil niya ang sasakyan ay agad siyang bumaba. Nakita niyang naka-park doon ang kotse ni Kervin. Siguradong naroon ang lalaki.

Pagpasok ni Dustin sa bahay ay naabutan niya si Manang Rosita, ang katiwala niya sa beach house, na abala sa kusina. “Manang, nasaan ho si Kervin?”

“O, nandito ka pala. Akala ko mamayang hapon

ka pa darating?”

“May biglang nangyari, Manang,” tugon niya subalit di na nagpaliwanag. “Ilan ho ang dumating na bisita?”

“Ang alam ko, isa lang ang kasama ni Mayor at ’yong iba ay susunod kasama ni Sir Albert, pero di ko siya nakita dahil ayaw pumasok sa loob. Hindi naman ako makalabas dahil nagluluto ako. Tiyak na kasama siya ni Mayor, magpapahangin daw muna sa labas.”

“Sige ho, pupuntahan ko muna sila.”

“Sige.”

Sinuyod ni Dustin ang buong bahay sa labas at sa loob, pero wala siyang nakitang tao. Tinahak niya ang daan patungo sa dalampasigan dahil baka naroon ang mga ito at hindi nga siya nagkamali. Sa di-kalayuan mula sa kinaroroonan niya ay may nakita siyang pamilyar na bulto ng nakatalikod na tao pero hindi iyon si Kervin.

Nag-iisa itong nakatayo sa ilalim ng puno ng niyog. Waring nagkaroon ng sariling isip ang kanyang mga paa at kusa iyong naglakad patungo sa kinaroroonan ng babae.

Ang mahaba nitong buhok na maalon ay isinasayaw ng hangin. Nakakaakit pagmasdan

ang buhok nitong natural brown dahil habang natatamaan iyon ng sinag ng araw ay lalong tumitingkad ang kulay.

Dumoble ang bilis ng tibok ng kanyang puso nang ilang metro na lamang ang pagitan nila ng babae. Natatakot siyang magpatuloy sa paglalakad dahil baka bigla itong maglaho kapag abot-kamay na niya ito. Ganoon kasi ang madalas na nangyayari kapag napapanaginipan niya ang dalaga.

Tumigil si Dustin sa paglalakad saka ipinikit ang mga mata. Gusto niyang matiyak kung totoo ang kanyang nakikita. Tahimik siyang bumilang hanggang sampu. Nakaramdam siya ng matinding takot at kaba habang unti-unti niyang iminumulat ang mga mata dahil baka biglang maglaho sa paningin niya ang babae.

Magkahalong kaba, saya, at pananabik ang kanyang naramdaman nang makitang nanatili itong nakatayo. Labing-limang taon niya itong hinintay. Labing-limang taon siyang umasa na balang araw ay babalik ito sa kanya. Labing-limang taon siyang nangulila sa dalaga. At ngayong nasa harapan na niya ito at abot-kamay, hindi niya alam kung ano ang gagawin. Gusto niya itong salubungin ng yakap at halik, subalit napako siya sa kinatatayuan.

“Jade...” sambit niya sa pangalan nito

Dahan-dahang lumingon ang dalaga. Bakas sa magandang mukha nito ang pagkabigla nang makita siya, ngunit mabilis itong nakabawi. Nginitian siya nito na para bang kahapon lang sila huling nagkita samantalang hindi niya makuhang ngumiti dahil hindi niya alam kung paano haharapin ang dating nobya.

“Hi, Dustin! It’s nice to see you again,” she said in a cheerful voice while beaming. “How are you?”

He’s been in sheer hell for fifteen years because she’s not there by his side. Pagkatapos bigla-bigla itong susulpot at iyon ang itatanong sa kanya na parang hindi siya nito iniwan samantalang ito, mukhang naging masaya ang buhay na hindi siya kasama. Life is unfair.



Jade wanted to see him, but she didn’t expect to see him now. Nabigla siya nang makita ito at hindi niya alam kung ano ang sasabihin at kung paano kikilos sa harapan nito. Pinili niyang magmukhang masaya dahil iyon naman ang dapat niyang ipakita dito, subalit taliwas iyon sa tunay niyang damdamin.

Pinaniwala niya ang sarili na handa na siyang makita ito, ngunit ngayong kaharap niya si Dustin,

gusto niyang umatras. Bumabalik kasi lahat ng sakit na naramdaman niya noon. Para siyang paulit-ulit na pinapatay kapag naalala niya ang masasakit na nangyari sa kanya kaso wala naman siyang magawa. Wala siyang ibang masisi dahil kagagawan niya lahat ng iyon. At ang masakit sa lahat, pati ang walang kinalaman sa pag-iibigan nila ay nadamay din.

“What are you doing here?” walang emosyong tanong nito.

“I’m here for business and charity work,” kaswal niyang sagot. Hindi kasi umubra ang friendly approach niya kanina. “How about you?” Binanggit kaya ni Kervin na naroon siya? Posible iyon pero imposibleng siya ang dahilan ng pagpunta nito sa lugar. Wala sa itsura ng lalaki na gusto siya nitong makita.

“I’m the owner of this place.”

Hindi na siya nagulat sa sinabi nito dahil sumagi sa isip niya kanina na maaaring ito ang may-ari ng property, pero di pa rin siya makapaniwala sa narinig. Hindi niya lubos-maisip kung bakit ito nagpatayo ng bahay na kawangis sa pinangarap nilang maging tahanan, kung tutuusin nag-asawa ito ng iba. Maaari rin namang naitayo na ang bahay na iyon bago ito nagpakasal.

“Don’t expect that I built this house for you,” malamig nitong wika na tila nabasa ang nasa isip niya.

“Of course not,” pagkakaila niya kahit totoo naman. “Why would you do that for me?” she said sarcastically while smiling bitterly. “Frankly speaking, I don’t expect anything from you.”

Sinabi iyon ni Jade kahit hindi totoo. Siyempre kailangan niyang pagtakpan ang sarili dahil ayaw niyang isipin ng dating nobyo na minsan ay nag-expect siya. Kaso lahat ng expectations niya ay nauwi sa disappointments at heartbreak.

“I knew that long time ago. You don’t expect anything from me because I’m nothing to you.” Magkahalong lungkot at pait ang rumehistro sa singkit na mga mata nito, subalit mabilis iyong nawala at napalitan ng galit. “I thought that you’re not like them but you’re the worst.”

“Worst,” ulit niya sa huling salitang sinabi nito. Masakit iyong pakinggan lalo’t alam niyang inihahalintulad siya ng lalaki sa sarili nitong pamilya pero hindi siya ganoon. Iba ang ibig niyang sabihin sa naintindihan nito. Gusto niyang klaruhin ang naging pahayag, pero di niya ginawa dahil baka ipagkanulo pa niya ang sarili dito. “You haven’t seen

the worst of me, Dustin, and you might not want to see it.” Tatal iyon ang tingin nito sa kanya kaya paninindigan na niya.

“May ilalala pa ba?”

Naikuyom ni Jade ang kanyang palad. Ano ba ang ginawa niya sa lalaki? Bakit ganoon ang tingin nito sa kanya? Oo, inaamin niyang mali ang kanyang ginawa. Umalis siya nang walang paalam at tanging sulat lang ang kanyang iniwan. Tinalikuran niya si Dustin para sa sariling pangarap, pero hindi lamang iyon para sa kanya kundi para din sa lalaki. Hindi niya hiniling dito na hintayin siya dahil alam niyang unfair iyon kaya nang malaman niyang magpapakasal ito sa ibang babae ay maluwag niyang tinanggap kahit sa kaibuturan ng kanyang puso ay umasa siyang maghihintay ito sa kanya.

Tatanggapin niya kung susumbatan siya nito dahil sa ginawa niya noon, pero hindi niya kayang tanggapin ang ikumpara siya ng lalaki sa sarili nitong pamilya. Dahil ni minsan hindi niya ipinadama dito na wala itong halaga sa kanya.

“If you ask for it then, I could be the most horrible person you could ever imagine.”

Hindi ito kumibo ngunit matalim ang tingin na ipinukol nito sa kanya. Hind siya nagpasindak

sa kausap at nakipagsukatan siya ng titig dito. Iyon nga lang, masyado itong matangkad kaya kailangan niyang tumingala. Nakaramdam siya ng pangangawit ng leeg, pero wala siyang balak na magpatalo.

“Nagkita na pala kayo,” basag ni Kervin sa namayaning katahimikan at tensyon sa pagitan nilang dalawa ng dating kasintahan. “Kilala n’yo na ang isa’t isa kaya di na kailangan ng introduction.”

“So, she’s the benefactor you’re talking about?” tanong ni Dustin sa alkalde, subalit di nito inaalís ang tingin sa kanya.

“Yes.”

“What a great surprise!” sarkastiko nitong pahayag. “Hindi n’yo man lang sinabi ni Albert na siya pala ang magiging bisita ko at nabalitaan ko pang hindi siya nag-iisa.”

“I’m sorry, pare. Believe me, hindi ko alam na si Jade ang benefactor na bibisita sa Sta. Monica. At ’yong tungkol sa mga kasama niya, kanina ko lang din nalaman nang makatanggap ako ng email mula sa assistant ni Jade,” paliwanag nito sa kaibigan.

“You don’t have to apologize, Kervin, because it was not your fault,” wika ni Jade pero nakatuon ang kanyang tingin kay Dustin. “I asked Albert’s

mother to hide my identity.” She started to explain the situation. “I was here in the Philippines a week earlier before Wendy arrived. I only expect her to come here, but I was surprised when she came with others. I’m sorry about that.” Sa pagkakataong iyon ay si Kervin ang kanyang binalingan.

“Nabanggit ’yan ni Wendy sa email. But that’s okay. Your assistant told me that your friends will help us.”

“Yes, that’s true.” Bukod sa kanya ay nag-aabot din ng tulong ang mga kaibigan niya sa Sta. Monica. Hiniling niya sa mga ito na sumama sa kanya sa Pilipinas, ngunit tumanggi ang grupo at tanging si Wendy lang ang nagkumpirma na pupunta sa Pilipinas. “By the way, Wendy is not my assistant. She’s my friend and she’s the agriculturist I would like you to meet. Mahilig siya sa charity work kaya ipinaubaya ko sa kanya ang lahat ng transactions na may kinalaman sa foundation ni Albert.”

“Oh, I see.”

“They can’t stay here,” Dustin said bluntly to Kervin. Puwede naman siya ang direktang kausapin nito, pero di iyon ginawa ng lalaki. Nakakainsulto iyon para sa kanya.

Halata ang pagkabigla ni Kervin sa sinabi

ng kaibigan. “Dustin, can we talk about it later? Paparating na sina Albert. Let them eat and rest for a while.”

“Don’t bother, Kervin. If he doesn’t want us to stay here, that’s okay. Wala rin naman akong planong magtagal sa lugar na ’to. I don’t like it here,” pagsisinungaling niya.

“Ha?” Mababakas ang pagtataka sa mukha ng alkalde. “Ang s’abi ni Wendy sa ganitong lugar mo gustong mag-stay.”

“I’m sorry for the misinformation. Hindi updated si Wendy sa kung anong klaseng lugar ang gusto ko,” muli ay pagkakaila niya, pero nang magtanong ang mayor kay Wendy ay siya mismo ang sumagot sa email nito. Di naman niya inasahan na may ganoong lugar sa Sta. Monica at iyon mismo ang accommodation na gustong i-provide ng alkalde. “Maybe Wendy’s point of reference is what I’ve told her ages ago. Many things had changed. I’m already thirty-one and a millionaire. This kind of place doesn’t have an appeal to me anymore.”

She’s a fat a*s liar. Kung puwede nga lang na manatili siya doon kasama si Dustin habambuhay ay gagawin niya. Pero huli na ang lahat para sa kanila dahil marami na ang nagbago.

“Mabuti naman kung ganoon. Makakaalis ka na sa pamamahay ko,” wika ng ex-boyfriend niya sa malamig na tinig. Nagpalipat-lipat ang tuloy ang tingin ni Kervin sa kanilang dalawa.

“Aalis naman talaga ako kahit hindi mo sabihin. Hindi mo na ako kailangang ipagtabuyan,” walang emosyong wika niya bago binalingan si Kervin. “Let’s go, Mayor.”

“Ilang minuto na lang nandito na sina Albert. Hintayin muna natin sila.”

“I can’t wait for them. Just call him now and inform him that we’ll find a better place.”

“Pero—”

“Every second I spend counts. I don’t want to waste my precious time here,” she said in a fierce tone. “Now, if you don’t want to do it, I’ll do it for you. But don’t expect that I’ll support your next candidacy.”

Naalarma ang alkalde sa kanyang sinabi. “I’ll call Albert.” Mabilis nitong kinuha ang cell phone mula sa bulsa ng pantalon at tinawagan ang kaibigan.

“Good.”

Tinalikuran niya ang dalawang lalaki at nauna siyang naglakad patungo sa parking lot. *Darn!* She didn’t mean to do that. Actually, she hated herself for

doing that. Hindi siya masamang tao, pero iyon ang hiniling sa kanya ni Dustin. Ayaw niyang idamay ang mga taong walang kinalaman sa hidwaang mayroon sila, subalit hindi maiwasang mangyari iyon.



“Damn it! Jade Ruth is a real millionaire and a real hot babe,” napapailing na wika ni Albert. Dumiretso sa bahay niya ang dalawang kaibigan pagkatapos mahanapan ng ibang matutuluyan ang grupo ni Jade. Tumuloy ang mga ito sa resort ng lolo ni Kervin. “Pero nakakatakot siya. Akalain mong mapapasunod niya si Kervin. Kung anong sabihin ni Jade ay oo lang nang oo ang mayor natin.”

Masamang tingin ang ipinukol ni Kervin kay Albert. “Ako lang ba? Pareho lang tayo, Albert,” napipikong turan nito.

“Nakaka-intimidate siya noon pero lalong lumala ngayon. Nagmistulang maamong leon si Mayor sa isang maliit na daga,” natatawang wika ni Albert. “She’s literally small but really terrible. Excited ako sa susunod na mangyayari sa buong Sta. Monica.”

“Tumahimik ka, Albert,” utos nito. “Nagtaka ako sa ikinilos ni Jade dahil hindi naman siya ganoon kanina. Yes, nakaka-intimidate siya pero alam kong

mabait si Jade,” pagtatanggol nito sa dalaga.

“Baka nagpapanggap lang na mabait,” singit ni Dustin sa usapan ng dalawa.

“I don’t think so,” sagot ni Kervin. “Mas kilala mo si Jade kaysa sa akin kaya alam mong tama ang sinabi ko.

“Lahat ay nagbabago,” tugon niya.

“Tama, lahat ay nagbabago maliban sa ’yo,” makahulugang wika ni Albert. “Bitter ka pa rin hanggang ngayon samantalang si Jade ay masayang-masaya kasama ang boyfriend niyang foreigner. Mabuti na lang pinaalis mo siya kaagad dahil kung hindi ay mamamatay ka sa sobrang selos,” pang-aasar ni Albert.

“I don’t care about her.”

“Kumbinsihin mo ang iyong sarili, Dustin.”

“Shut up, Dustin! I saw everything earlier. Malapit ako sa kinaroroonan n’yo kaya kitang-kita ko kung paano mo siya titigan. Kulang na lang salubungin mo ng yakap at halik si Jade nang makita mo siya kanina kaya huwag mong sabihing wala kang pakialam sa kanya,” kastigo ni Kervin. “Parang nanonood ako ng pelikula habang pinagmamasdan kayo.”

“You’re talking nonsense. Mabuti pa umuwi na

kayo,” pagtataboy niya sa mga ito. “Gusto ko nang magpahinga.”

“Okay!” tugon ni Kervin, sabay hila patayo sa nakaupong si Albert. “By the way, before we leave I will tell you a secret. She was here five years ago,” dagdag nito bago tuluyang umalis kasama si Albert.

Naiwan siyang napapaisip sa sinabi nito. Kung totoo ang sinabi ng kaibigan sa kanya, bakit hindi nagpakita si Jade? Ayaw ba siya nitong makita o kamustahin man lang kung humihinga pa siya?

CHAPTER *Three*

It was a long and tiring day. Ganoon pala ang pakiramdam kapag wala siyang ginawa maghapon. Paano, nakinig lang si Jade sa usapan ng mga magsasaka, ilang government officials, at representatives mula sa *Department of Agriculture*, ni Mayor Kervin, at ni Wendy. Wala siyang alam tungkol sa pagsasaka dahil wala iyong kinalaman sa kanyang propesyon kaya ang tanging ginawa niya maghapon ay nakinig. Mabuti na lang nakabalik na sila sa resort kaya nakapag-relax na siya kahit papaano.

“We need more equipment to help the farmers here in Sta. Monica. They can’t solely use their hands to cultivate the land. They need tools to become

more productive.” Mababakas sa mukha ni Wendy ang pagkadismaya dahil kulang ang kagamitan ng mga magsasaka upang malinang nang husto ang lupang sakahan. “I think I have to check the whole town to see if there are other problems we need to give attention to.”

Base sa narinig niya kanina ay hindi lang kagamitan ang problema ng mga magsasaka. May ilang farmers kasi na nagsabing hindi maganda ang bunga ng kanilang tanim dahil kulang sa nutrisyon ang lupa. Ayon kay Wendy ay posible ring hindi angkop ang itinanim sa klase ng lupang pinagtaniman o may iba pang dahilan kaya kailangan talagang masuri ang bagay na iyon.

“Can you do that in such a short period of time?” tanong ni Filbert, ang Fil-Am doctor na nakilala niya dahil kay Wendy. Ang ina nito ay dating OFW na nakapag-asawa ng Amerikano at sa USA na nanirahan. Gayunpaman, marunong mag-Tagalog ang binata. “Wala tayong sapat na oras upang suyurin ang buong Sta. Monica.”

“We can do that,” positibo niyang wika.

“How?” tanong ni Lincoln, ang tech-genius nilang kaibigan na naligaw sa barkadahan. Nakilala nila ito sa bar nang minsang magkayayaan silang

mag-unwind. One hundred percent Filipino ito na nagtatrabaho sa USA bilang computer engineer sa isa sa pinakamalalaking manufacturer ng gadgets. “Kapag personal na sinuyod ni Wendy ang Sta. Monica, mababawasan ang oras niya para magbigay ng lecture sa mga magsasaka. Kapag tayo naman ang gumawa n’un, wala tayong maiintindihan dahil wala tayong alam sa farming.”

“I’ll ask Kervin and Albert for help. I’m sure marami silang kilalang professionals na may alam sa farming na puwedeng tumulong sa atin.”

“Actually, we could hit two birds with one stone,” natutuwang wika ni Filbert. “Habang abala si Wendy sa pag-alam sa ibang problema ng mga magsasaka, ako naman ay iikot sa kabahayan upang magbigay ng libreng checkup. Tatal wala naman akong maitutulong sa mga magsasaka.”

“That’s a great idea!” sang-ayon ni Jade. “It’s like we’re having a medical mission.” Natigilan siya. “That’s right! We’ll conduct a medical mission.”

“Paano?” nababahalang tanong ni Kara, ang nurse na katrabaho ni Filbert na naging kaibigan din nila. May kamag-anak ito sa USA kaya nang minsang magbakasyon ang dalaga doon ay naisipan nitong doon na rin magtrabaho. “Wala tayong medical

supplies at isa lang ang doktor natin.”

“Walang imposible,” puno ng determinasyong pahayag ni Jade. “Mayroong labing-walong barangay ang Sta. Monica, pero hindi ganoon kadami ang populasyon kaya puwede nating pagsabayin ang medical mission at lecture ni Wendy.”

Matamang nakinig sa kanya ang mga kaibigan kaya nagpatuloy siya, “Ganito ang gagawin natin. Dalawa o hanggang tatlong barangay ang pagsasabayin natin sa isang araw. Pipili lang tayo kung saang barangay gaganapin ang medical mission at kung saan gaganapin ang lecture. Tiyak kasing hindi pupunta lahat ng mga magsasaka kapag mismong sa munisipyo gaganapin ang lecture dahil abala lang ’yon para sa iba. Kaya tayo mismo ang lalapit sa kanila.

“Walang problema sa medical supplies dahil marami tayong pera. Ang sobra sa gagamitin natin ay puwedeng i-donate sa ospital. Iyong tungkol naman sa doktor ay kayang gawan ng paraan ni Kervin.” Tapos ipaubaya natin kina Kervin at Albert ang pag-alam sa ibang problema ng mga magsasaka tutal dapat inalam nila ’yon bago pa man tayo dumating dito dahil alam nilang ’yon ang sadya natin sa pagpunta dito.”

“Jade Ruth, the optimistic and fast thinker chemical engineer,” pumapalampak na wika ni Wendy. “Bagay na bagay sa ’yo ang propesyon mo dahil hindi ka basta-basta nape-pressure at may solusyon ka kaagad sa problema. I love it.”

Fil-Am din si Wendy gaya ni Filbert kaya nakakaintindi at nakakapagsalita ito ng Tagalog. Ang ina nito ay kaibigan ng nagpaaral kay Jade sa ibang bansa kaya naging magkaibigan din sila.

“Do you think they would agree with our plan?” tanong ni Lincoln.

“Of course, they can’t say no to me,” kampante niyang tugon.

“Si Jade pa ba?” nakangising sabi ni Kara. “Napapa-oo niya kaagad ang dalawang kulugo na ’yon. Tawagan mo, Jade, ’tapos i-loudspeaker mo para marinig nating lahat ang pag-uusapan n’yo.”

“Bruha ka talaga, Kara!” komento ni Wendy. “Pero sige, Jade, tawagan mo na.”

Napailing siya sa gustong mangyari ng dalawa pero ginawa din niya. Nag-conference call siya at di pa naaabutan ng limang minuto ay napapayag niya sina Kervin at Albert.

“Done,” nakangisi niyang turan nang pindutin ang end call. Humingi ng tatlong araw ang dalawang

lalaki upang maghanda. Sa ngayon ay mag-enjoy at mag-relax daw muna sila. “By the way, pupunta tayo bukas sa boutique ni Auntie Laurice.” Ang babaeng kanyang tinukoy ay ang ina ni Albert na may sariling patahian ng damit.

“Why?”

“Twenty-fifth anniversary ng *Balikbayan Foundation*,” sagot ni Wendy. “Sorry, ngayon ko lang nabanggit. Hindi kasi namin alam na sasama pala kayo dito.”

“Don’t worry, sila ang bahala sa isusuot natin.”

“Nice!” Malapad ang ngiti ni Lincoln. “First time kong dumalo sa anniversary ng isang foundation. Tiyak babaha ng donations sa event na ’yon. Makikilala natin kung sino ang pinakagalante at pinakakuripot.”

“I’m sure maraming businessman at politician ang dadalo sa event kaya kailangan lalo akong maging maganda,” sabi ni Kara.

“Jeez! Palagay ko magpapanggap akong nobyo ni Jade sa event.” Nakatikwas ang kilay ni Filbert nang magsalita. Nagiging babae kasi ito kapag sila lang ang kasama. “Nakakainis!”

Tinawanan niya ang sinabi nito. “Hayaan mo na.” Nakatunog kaagad ito sa plano niya. Paano

kasi ay ipinakilala niya itong nobyo kina Kervin at Albert kaya kailangan nitong panindigan iyon. “Babawi ako sa ’yo.”

“Okay lang kahit hindi, basta ma-achieve mo ang iyong goal.”

“Thank you.”

Kailangan niyang maghanda sa darating na party dahil tiyak na muling magtatagpo ang kanilang landas ni Carolina. Ipapamukha niya sa babae na hindi siya ang dating Jade Ruth na puwede nitong tapak-tapakan at maliitin. At may gusto rin siyang bawiin dito. Pero magagawa niya lang iyon kapag tuluyan nang naputol ang ugnayan nila ng anak nito.



Binaybay ni Jade ang kahabaan ng boulevard. Kaliwa’t kanan ang makikitang tindahan, kainan, at establishments. Malayong-malayo sa dating itsura ng lugar. Dati ay pulos kabahayan ang nakatayo doon kasama ang bahay ng kanyang Lola Carmen kung saan sila nakatira noon pero na-demolish iyon dahil ginawa ang boulevard.

Noong panahon na iyon ay nasa Amerika na siya. Nagpabayad sa gobyerno ang kanyang abuela imbes na lumipat sa relocation site kaya napilitang pumisan ang kanyang pamilya sa kamag-anak ng

kanyang ina sa kabilang lalawigan. Ang lola niya naman ay nakitira sa kapatid ng kanyang ama.

Napahinto siya sa paglalakad nang makarating sa pinakamemorableng lugar para sa kanya. Doon sila madalas tumambay ng kaibigan niyang si Kristine at doon din sila palihim na nagkikita ni Dustin. Tago kasi ang lugar na iyon dahil maraming punong-kahoy, subalit ngayon ay ginawang public playground iyon.

Malungkot na ngumiti ang dalaga habang pinagmamasdan ang lugar. Napaisip siya kung ano ang posibleng nangyari kung hindi siya umalis ng bansa. Magiging successful kaya siya? Magkakatuluyan kaya sila ni Dustin o maghihiwalay din?

“Jade,” tawag ng lalaking naglalakad patungo sa direksyon niya. Hindi niya napansin ang pagdating nito. “Gusto mo daw akong makausap?” walang kagana-ganang wika ni Dustin.

“Oo,” halos pabulong niyang tugon. Mahigpit niyang ikinulong sa palad ang hawak niyang medalya. Ngayong kaharap na niya ang lalaki ay parang ayaw niyang ibalik dito ang bagay na iyon. “Salamat dahil pumayag kang makipagkita sa akin.”

“Napilitan lang ako dahil inaabala ako ni Kervin

sa trabaho,” paglilinaw nito. “Ano ba’ng sasabihin mo? Pagod ako galing sa trabaho kaya gusto ko na sanang magpahinga.”

“I’m sorry for bothering you.” Unti-unti niyang niluwagan ang pagkakahawak sa medalya. Kailangan niya na iyong pakawalan. “Isasauli ko ’to sa ’yo.” Iniabot niya sa kausap ang hawak ng kamay.

Ilang saglit munang tinitigan iyon ng lalaki bago nito marahas na kinuha ang bagay mula sa kanyang kamay. “Ito lang ba ang dahilan kung bakit gusto mong makipagkita sa akin?” iritado nitong tanong. Marahan siyang tumango bilang tugon. “You’re just wasting my time.”

Walang kaabog-abog nitong itinapon ang medalya. Sinundan niya ng tingin ang lumipad na gamit hanggang sa hindi na niya makita. Malakas ang pagkakahagis ni Dustin sa medalya kaya tumawid iyon sa kabilang dako ng kalsada. Nasaktan siya nang sobra sa ginawa nito.

“Dapat matagal mo na ’yong tinapon dahil walang halaga sa akin ang bagay na ’yon.” Tinalikuran siya nito at naglakad palayo.

Naiwan siyang tulala at ninamnam ang bawat salitang binitawan ni Dustin. *Walang halaga...* iyon ang tumatak sa kanyang puso’t isipan. Kung walang

halaga ang bagay na iyon para sa lalaki, ibig sabihin wala rin siyang halaga dito.

Pumatak ang luha sa pisngi ni Jade, subalit mabilis niya iyong pinahid. Hindi iyon ang tamang oras upang humagulhol siya. Kailangan niyang mas maging matatag dahil haharapin pa niya ang ina nito.



Hindi mapalagay si Dustin. Hindi mawala sa isip niya ang imahe ng dalaga. Kitang-kita niya ang pagbabago ng ekspresyon ng mukha nito nang itapon niya ang medalya. Kung hindi siya namamalikmata ay nanubig ang sulok ng mga mata nito at mababanaag ang sakit na naramdaman nito.

“Damn it!” Hinampas niya ang manibela ng kotse. “Kailangan mo siyang balikan, Dustin.”

Nag-U-turn siya at mabilis na pinatakbo ang sasakyan pabalik sa pinanggalingan. Kaagad siyang umibis sa kotse nang maihimpil iyon at tinungo ang naging meeting place nila, ngunit wala na doon si Jade. Nanghihinang napaupo siya sa bench na malapit sa kinatatayuan niya.

Inilibot niya ang tingin sa paligid. Malaki ang ipinagbago ng lugar na iyon, pero mananatili iyong espesyal sa kanya. Madalas siyang pumunta

doon kapag naaalala niya ang dating nobya. Binabalik-balikan niya ang magagandang alaala na pinagsaluhan nila, ngunit ngayon ay wala na siyang babalikang magagandang alaala. Kasabay ng pagsauli ng dalaga ng medalya sa kanya ay parang isinauli rin nito ang pag-ibig na alay niya dito. Nasaktan siya sa ginawa nito kaya ang unang naging reaksiyon niya ay ang itapon iyon.

Dahil sa ginawa mo, Dustin, ay parang tinapon mo rin ang pagmamahal mo sa kanya. Labing-limang taon mo siyang hinintay. Sayang ang paghihintay mo kung basta-basta ka lang susuko.

Nagtampo, nagalit, at nasaktan siya pero kasama iyon sa package deal kapag nagmahal ang isang tao. Kung paiiralin niya ang galit kaysa pagmamahal ay talo siya. Kailangan niyang mabawi si Jade at kung hindi man siya magtagumpay, kahit masagot man lang ang tanong niya kung bakit siya nito iniwan ay makaka-move on na siguro siya.

Biglang napatayo si Dustin. Kailangan niyang mahanap ang bagay na tinapon niya. Hindi iyon puwedeng mawala sa kanya!

CHAPTER *Four*

“Bakit mo sinuot sa akin ’to?” takang tanong ni Jade sa nobyo nang isabit nito sa kanyang leeg ang medal. Binigyan ng espesyal na parangal si Dustin pagkatapos ng liga dahil bukod sa tatlong beses na pagiging MVP nito sa tatlong magkakasunod na taon, nakapasok din ang lalaki sa basketball team ng pinapasukan nitong university sa Maynila. “Sa ’yo ’to, di ba?”

“Ang lahat ng sa ’kin ay sa ’yo rin,” nakangiti nitong sagot. “Hindi ako magtatagumpay kung di dahil sa ’yo. Ikaw kaya ang inspirasyon at lucky charm ko.”

“Sus! Binobola mo lang ako,” nakalabi niyang turan. “Magaling ka talaga kaya hindi mo kailangan

ng lucky charm.”

“Talaga?”

“Oo naman at kung hindi mo naitatanong, ako ang number one fan mo. At alam kong magtatagumpay ka kahit anong larangan ang piliin mo.”

“Iyan, iyan ang dahilan kung bakit ikaw ang lucky charm ko.” Kumikislap ang mga mata nito habang nakatitig sa kanya. “Nagtitiwala ka kasi sa kakayahan ko at pinapalakas mo palagi ang loob ko.”

“Siyempre mahal kita.”

“Ano’ng sabi mo?” Malapad ang ngiti ni Dustin na umabot sa mga mata nito. “Pakiulit nga ng sinabi mo. Hindi ko kasi masyadong narinig,” paglalambing nito.

Inirapan niya ang lalaki. Kunwari’y naiinis siya dito, pero inulit niya ang sinabi. “Mahal kita.” Hindi niya inaalís ang tingin dito. “Mahal na mahal. Kaya kapag may taong nagduda sa kakayahan mo, huwag mong kakalimutang may isang Jade Ruth na nagtitiwala at nagmamahal sa ’yo.”

Wala itong kibo subalit nakatitig ito sa kanya. Waring inaarok nito kung totoo ang kanyang sinabi.

“Oh, bakit ganyan ka makatingin? Ayaw mo bang maniwala na mahal kita?”

“Hindi naman sa ganoon kaya lang...” Tila nag-iisip ito kung itutuloy ba ang sasabihin o hindi. “Hindi

ko kasi lubos-akalain na magkakagusto ka sa akin.”

“Bakit mo naman naisip ’yon?”

“Matalino ka kasi samantalang ako...” Yumuko ito na waring ikinahihiya ang sarili. “Kahit sarili kong magulang ay ikinahihiya ako dahil hindi ako kasinggaling at kasingtalino nila.”

Naiinis siya sa mga magulang ni Dustin. Pagmamahal, tiwala, at suporta ang kailangan ng lalaki, subalit di iyon kayang ibigay ng pamilya nito. Walang lugar ang pagkakamali sa pamilya nito at bawal suwayin ang bawat salitang sasabihin ng mga magulang nito.

Tumiyad siya upang maabot ang mukha nito. Masyado kasi itong matangkad at masyado siyang maliit. “Look straight into my eye,” utos niya sa lalaki na ginawa naman nito. “Ayokong marinig na ikinahihiya mo ang iyong sarili dahil nasasaktan ako. At tandaan mo na wala akong pakialam kung hindi mo na-meet ang expectations at standards ng parents mo dahil para sa akin, sapat ka na at wala na akong mahihiling pa.”

“Hindi mo ako ikinahihiya?”

Umiling si Jade. “Hindi.”

“Bakit ayaw mong ipaalam sa lahat na magkasintahan tayo?” malungkot nitong tanong.

“I’m sorry kung ’yon ang nararamdaman mo, Dustin, pero hindi ’yon ang dahilan kung bakit gusto kong itago ang relasyon natin.” Hinawakan niya ang kamay ng nobyo. “Tuwing naglalaro ka’y nalulungkot ako at naiinggit sa iba dahil hindi sila takot na isigaw ang pangalan mo. Gusto ko ring gawin ’yon. Gusto kong punasan ’yong pawis mo at bigyan ka ng tubig, pero hindi ko magawa dahil natatakot ako. Dahil ayokong mangyari sa atin ang nangyari sa kapatid mo.”

Ang nakatatanda nitong kapatid na babae ay nabuntis ng nobyo, subalit pinapili ito kung ang kasintahan ba o ang pamilya. Sa oras na piliin nito ang katipan ay itatakwil ito. Mahirap ang naging kasintahan ng babae kaya mas pinili nito ang pamilya.

“Mahal kita kaya ipaglalaban ko kung ano’ng mayroon tayo.”

Sana ganoon lang iyon kadali. Hindi alam ng lalaki na lihim siyang kinausap ng ina nito. May nakarating kasing balita sa ginang na nagkakamabutihan sila ng anak nito. Gusto nitong maghiwalay sila, pero ayaw niyang sabihin sa nobyo dahil baka lalo itong magtanim ng sama ng loob sa mga magulang.

“Dustin, makinig ka sa akin.” Sana maunawaan siya nito. “Ayokong dumating sa punto na papipiliin

ka ng mga magulang mo. Hindi 'yon magiging madali para sa 'yo at hindi ko gustong makitang nahihirapan ka."

"Kaya ko silang talikuran para sa 'yo." Hinaplos nito ang kanyang mukha. "Hindi ko kayang mawala ka sa 'kin."

Napapikit si Jade. Tiyak na mahihirapan siyang sabihin sa binata ang pag-alis niya ng bansa. Hindi niya alam kung paano magpapaalam dito. Scholar siya ng Balikbayan Foundation. Ang benefactor na personal na sumusuporta sa kanyang pag-aaral ay gusto siyang pag-aralin sa ibang bansa.

"May problema ba, Jade?"

Umiling siya, sabay yakap sa nobyo. "Ayoko ring mawala ka sa akin. Iniisip ko pa lang 'yon ay nadudurog na ang puso ko." Subalit kailangan niyang iwan ang lalaki.

Naramdaman niya ang pagganti ng yakap nito. "Hindi ako papayag na mangyari 'yon. Mamamatay muna ako bago tayo magkalayo."

Marahan niyang itinulak ang kanyang nobyo saka tumingala upang magtama ang kanilang mga paningin. Nakaramdam siya ng takot sa sinabi nito. "Paano kung bigla akong mawala dahil may pinuntahan ako at di nakapagpaalam sa 'yo,

magpapakamatay ka ba?”

“Bakit hindi ka magpapaalam kung sakaling aalis ka?”

“Sagutin mo muna ang tanong ko,” naiinis niyang wika.

“Depende.”

“Anong depende?” nanghihilakbot niyang tanong. “Dustin, mamamatay ako kapag ginawa mo ’yon! Huwag na huwag kang magtatangkang gawin ’yon. Pangako, babalik ako.”

Rumehistro ang takot at pangamba sa mga mata ng kausap niya. “Iwan mo ako?”

Naalarma siya sa tanong nito. “Hindi,” mabilis niyang tugon. “Saan naman ako pupunta? Kung sakali lang naman na bigla akong mawala,” pagsisinungaling niya. “Pero huwag mo talagang gagawin ’yon.”

“Basta hindi mo ako iiwan,” seryosong wika nito.

“Dustin...”

“Mangako ka muna sa akin na hindi mo ako iiwan.”

“Pangako, hindi kita iiwan.” Aalis lang ako pero babalik din. Sana mahintay mo ako. “Mahal na mahal kita, Dustin,” madamdamin niyang pahayag.

“Mas mahal kita,” puno ng sinseridad nitong turan bago siya ginawaran ng halik sa labi.

Puno ng pagmamahal na tinugon ni Jade ang halik nito. Ninamnam niya ang bawat pag-iisa ng kanilang mga labi dahil baka iyon na ang maging huli. Nang maghiwalay ang kanilang mga labi ay siya na mismo ang kusang humalik dito. Lumalim ang halik ni Dustin at nag-umpisa nang maglakbay ang kanilang mga kamay sa katawan ng bawat isa. Handa siyang ibigay dito ang sarili maramdaman lang nito na ganoon niya ito kamahal.



Piping saksi ang tree house sa pagmamahalan nilang magkasintahan. Babaunin niya ang matamis na alaala na kanilang pinagsaluhan sa pag-alis niya. Hinawakan ni Jade ang medalyang nakatapat sa kanyang dibdib. Pati iyon ay saksi sa pagniniig nila ni Dustin. Dadalhin niya rin iyon kahit saan siya magpunta para palagi niyang kasama ang nobyo kahit malayo ito sa kanya.

“Huwag mong iwawala ’yan.” Napakislot siya nang magsalita ang lalaki mula sa kanyang likuran. “Ikaw ang magtatago niyan hangga’t di pa tayo nagpapakasal.”

“Meaning, ibabalik ko ’to sa ’yo kapag kasal na tayo?” tanong niya pero nanatili siyang nakatalikod dito. Nakadungaw kasi siya sa bintana habang

pinapanood ang sunset.

“Wala kang ibabalik sa ’kin. Idi-display ’yan sa bahay natin kapag kasal na tayo.” Naramdaman niya ang pagyapos ng katipan mula sa kanyang likuran. “Kapag nagkaroon tayo ng sariling bahay, gusto ko may tree house. Kung puwede ko lang i-preserve ang tree house na ’to ay gagawin ko.”

Ang tree house na iyon ay ginawa ni Dustin, katulongang mga kaibigan nito para may matambayan sila. Hindi nila alam kung private property ba o sa gobyerno ang lupang kinatitirikan ng tree house. Wala kasing nanita nang gawin iyon.

“Bakit naman?”

“Dahil marami tayong magagandang alaala dito.” Ipinatong ng lalaki ang baba nito sa kanyang kanang balikat at lalo nitong hinigpitan ang pagkakayakap sa kanya. “Ikaw, anong design ng bahay ang gusto mo?”

“Simple lang,” nakangiti niyang sabi habang ini-imagine ang itsura ng magiging tahanan nila. “Gusto ko malapit sa dagat. Kahit hindi kalakihan basta may second floor at balcony. Doon ako tatambay habang pinapanood ang pagsikat at paglubog ng araw. ’Tapos gusto ko may garden na punong-puno ng iba’t ibang klase ng halaman lalo na ’yong namumulaklak.” Mahilig kasi ang ina niya sa halaman kaya gusto

niyang ganoon din kapag nagkaroon siya ng sariling bahay.

“Magandang idea ’yan ’tapos gusto ko may swimming pool sa bahay natin.”

“Malapit tayo sa dagat kaya bakit kailangan pa ng swimming pool?”

“Gusto ko lang. Gusto ko ring may basketball court at helipad,” anito dahil mahilig itong mag-basketball at pangarap nitong maging isang piloto. “May muntik akong makalimutan.”

“May nakalimutan ka pa sa lagay na ’yon?”

“Gusto kong magkaroon ng maraming anak at gusto kong kasama kang tumanda sa magiging tahanan natin.”

Nilingon niya ang kanyang nobyo. Nakaukit ang matamis na ngiti sa mga labi nito at ang mga mata ay kumikinang sa kasiyahan. Hindi niya kayang personal na magpaalam dito dahil tiyak na maglalaho ang ngiti sa mga labi nito at ang kislap sa mga mata.

“Mukhang papagurin mo ako nang husto,” biro niya upang matakpan ang kalungkutang nadarama. Wala kasing kasiguruhan kung matutupad ba lahat ng pangarap nila.

“Hindi naman.” Sumilay ang pilyong ngiti sa mga labi nito. “Pero kung papayag ka, mas okay ’yon.”

“Tse!” Kinurot niya ito sa tagiliran. “Baka naman thirty years old pa lang ako ay mukha na akong senior citizen.”

Tumawa ito. “Mas okay ’yon para walang ibang magkagusto sa ’yo.”

“Kaya naman pala.” Ngumisi siya. “Seloso at possessive ang boyfriend kong guwapo. Dapat ako ang nagkakaganyan dahil ikaw ’tong nag-aaral sa Maynila ’tapos varsity player pa.”

“Hindi kita ipagpapalit kahit na kanino,” seryosong wika nito. “At bakit hindi ako magiging seloso at possessive? Nabalitaan ko na maraming nagkakagusto sa matalino at maganda kong girlfriend. Kung puwede lang kitang itali sa akin ay ginawa ko na.”

Tumawa siya sa sinabi nito. “Dustin Blake, hindi ako makapaniwala na ganyan ka pala. Alam mong ikaw lang ang pinayagan kong manligaw sa akin kaya bakit ka magseselos sa kanila? Malabong mangyaring ipagpalit kita dahil kung hindi rin lang ikaw, ayoko nang magmahal ng iba.”

“Talaga?”

“Talagang-talaga,” tugon niya bago siniil ng halik ang lalaki.